# PAGIGING MABUTING KAIBIGAN

**11**
ARALIN

## MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Maipaliwanag ng mga estudyante ang mga ideya sa pamamagitan ng detalye at sumusuportang ebidensiya.
- Magsulat ang mga mestudyante para sa iba't ibang tao at layunin.
- Matutunan ng mga estudyante paano gumawa at magpanatili ng mga kaibigan.

## MGA LAYUNIN

Matukoy ng mga estudyante ang mga katangian ng isang mabuting kaibigan.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Pisara o chart paper at mga marker ("Panimula")
- Activity sheet na "Attribute Pie" para sa bawat estudyante ("Gagawin Mo")

# Panimula

10 Minuto

Pumili ng matalik na magkaibigan mula sa isang palabas sa TV, pelikula, o libro na pamilyar ang mga estudyante. Pagkatapos, lumikha ng isang web ng katangian sa chart paper para sa bawat tauhan, gamit ang mga halimbawa mula sa palabas sa TV, pelikula, o libro. (*Tingnan ang activity sheet na "Attribute Pie" para sa istruktura ng web.*) Ilista ang lahat ng mga katanigan na pinakamahusay na naglalarawan sa matalik na magkaibigang ito.

# Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin Ko

20 Minuto

Pagkatapos, sabihin sa mga estudyante na magbabasa ka ng maiikling stiwasyon kung saan ang magkaibigan ang pangunahing tauhan. Ang tungkulin ng klase ay matukoy kung ang magkaibigan ay mabuti/mapagbigay na kaibigan at nagbibigay ligaya sa isa't isa, o di mabuti/makasariling kaibigan at nagsisiraan ng isa't isa. Pagkatapos basahin ang bawat sitwasyon, huminto para magtanong sa mga estudyante kung iniisip nila ang mga bata ay mabuti at mapagbigay na magkaibigan o masama at makasariling magkaibigan. Kung sa tingin nila ang mga estudyante ay hindi mabuting magkaibigan, tanungin kung paano nila mababago ang kanilang pag-uugali o pananalita upang maging mabuti at mapagbigay na kaibigan. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na sitwasyon o piliin na gamitin ang mga stiwasyon na mas naaangkop sa iyong klase.

**Sitwasyon 1:**

Dalawang estudyante ang kumakain ng tanghalian nang magkasama at nag-uusap. Isang bagong estudyante ang naglalakad sa buong cafeteria at hindi alam kung saan uupo dahil wala siyang kakilala. Inaya ng magkaibigan ang bagong estudyante na umupo sa tabi nila.

**Sitwasyon 2:**

Dalawang magkaibigan ang magkatabi habang sumasagot ng pagsusulit. Isa sa kanila ang bumulong at humihingi sa kaibigan niya ng sagot sa isang tanong. Ang kaibigan na may mga sagot sa pagsusulit ay hindi sigurado paano tutugon dahil hindi niya gustong sumama ang loob ng kaniyang kaibigan o masira ang pakakaibigan nila, pero alam niya na mali ang mangopya.

**Sitwasyon 3:**

Isang batang lalaki ang naglalaro ng baseball kasama ng kaniyang mga kaibigan. Siya ang batter, at na-strike out siya ng pitcher. Nagsimula ang isa sa mga kaibigan niya na naglalaro sa kabilang team na asarin siya, sinasabi niya na hindi siya magaling mag-baseball.

**Sitwasyon 4:**

Isang batang babae ang nagsasanay ng gynastics kasama ang kaibigan niya. Nahihirapan siyang matutunan ang back handspring. Tinutulungan siya ng kaibigan niya na gawin ang paggalaw, bawat hakbang, at inaalalayan siya habang paulit-ulit niya itong sinusubukan.

**Sitwasyon 5:**

May grupo ng magkakaibigan na naglalaro ng habulan taya sa oras ng recess. Isang bata ang naging taya nang matagal at nahihirapan na mataya ang ibang bata. Nilapitan siya ng kaniyang kaibigan at hinayaan nitong tayain siya para makapagpahinga siya sa pagiging taya.

**Sitwasyon 6:**

Nasasabik ang isang batang babae na isuot ang kaniyang bagong damit sa paaralan. Nang dumating siya sa paaralan, nalaman niyang may ibang bata sa klase niya na suot ang parehong damit. Nadismaya siya nang kaunti na hindi lang siya ang may suot ng damit, pero pinuri niya ang batang babae sa kaniyang pananamit at sinabi niya na pwede silang maging kambal sa araw na iyon.

**Sitwasyon 7:**

Dalawang batang lalaki ang naglalaro ng isang laro sa matematika kung saan kailangan nilang magkarera para malaman kung sino ang unang makakasagot ng mga sagot sa multiplication. Ang isang bata ay mas magaling at nananalo na. Sinimulan niyang asarin ang kaibigan niya sa pagsabi na hindi siya matalino at kailangan niyang umuwi at magsanay bago sila maglaro ulit.

# Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin

20 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na madalas ang pagiging isang mabuting kaibigan ay maaaring hindi maging madali kaysa inaasahan nila. Sabihin na ang pagiging maingat sa salita at gawa ay napakahalaga. Ipaliwanag na ang pagiging maingat ay nangangahulugan na iniisip muna ng isang tao ang kaniyang sasabihin o gagawin, at pagkatapos ay kikilos sa paraan na iniisip ang ibang tao at inaalala kung ang kaniyang pag-uugali ay maaaring makaapekto sa iba.

Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na magtatalakayan sila ng mga paraan ang kaibigan nila ay magiging mabuti at mapagbigay na kaibigan. Sabihin sa kanila ang tungkol sa isang mabuting kaibigan mo at gumawa ng listahan ng mga paraan kung paano "nagbibigay-kasiyahan" ang kaibigan mo sa iba. (*Halimbawa, "Ang aking kaibigan ay isang mapagbigay na tao. Nang may tatlong cookie na lang ang natitira na paghahatian namin, ibinigay niya sa akin ang dalawa at isa lang ang kinuha niya para sa kaniya.")* Pagkatapos ay gabayan ang mga estudyante na isipin ang kanilang sariling mabuting kaibigan. Tagubilinan ang mga estudyante na isulat ang pangalan ng kanilang kaibigan at gumawa ng listahan ng mga paraan kung paano "nagbibigay-kasiyahan" sa ibang tao ang kanilang mabuting kaibigan. Tiyakin nila na magbanggit ng isang halimbawa. Bilang isang grupo, ibabahagi ng klase ang kanilang mga resulta.

# Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo

20 Minuto

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng mga attribute web tungkol sa kanilang matalik na kaibigan sa pamamagitan ng pagsagot sa premade web sa activity sheet na “Attribute Web.” Gabayan ang mga estudyante na huwag lamang sabihin ang katangian ng kanilang matalik na kaibigan pero magbigay rin ng halimbawa paano ipnapakita ng kanilang kaibigan ang katangiang ito. Pagkatapos ay hilingin sa estudyante na nais magbahagi na ilarawan ang kanilang web sa klase. Habang ibinabahagi ng mga estudyante ang kanilang mga web, pakinggan at isulat ang mga karaniwang katangian. Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng isang talakayan tungkol sa mga katangiang mahahanap sa lahat ng mga matalik na kaibigan ng mga estudyante. Tanungin ang mga estudyante, "Anong mga katangian ang nakikita niyong karaniwan sa lahat ng mga matalik na kaibigan ninyo?" Mainam kung icha-chart ninyo ang mga karaniwang katangian na mahahanap sa lahat ng mga kaibigan. Pagbotohan ang unang limang katangian na tingin ng mga estudyante ay pinakamahalaga.

Tanungin ang klase, "Maaari ba kayong makipagkaibigan sa isang tao na hindi ninyo gusto ang lahat ng bagay na gusto mo?" Pagkatapos magbahagi ng ilang sagot ang mga estudyante, sabihin na, "Maaaring magbago ang mga kaibigan natin at hindi na makaugnayan, pero ang pinakamahalaga ay palagi kang mananatiling mabuting kaibigan at ipinapakita ang mga katangiang ito na hinahanap natin sa ating mga kaibigan." Panghuli, talakayin kasama ang klase paano palaging mabuti na magkaroon ng mga bagong kaibigan, kahit na may mga kaibigan na ang isang tao.

## Pagtatapos

5 Minuto

Para tapusin ang sesyon, sabihin sa mga estudyante na, "Minsan mahirap magkaroon ng bagong kaibigan, pero sulit ang mga kahihinatnan nito. Mahalagang makilala natin ang mga katangiang sa tingin natin ay mahalagang taglayin ng mga matalik na kaibigan at gayahin ang parehong mga katangian. Upang magkaroon ng kaibigan, dapat matutunan mo kung paano maging isang kaibigan. Kahit hindi natin matalik na kaibigan ang isang tao, kailangan pa rin natin silang itrato nang mabuti. Palagi nating kailangang maging mabuti sa mga tao at isipin ang damdamin nila. Kapag tayo ay mabuti at isinasaalang-alang ang ibang tao, mas natututo tayo sa kanila. Maaari rin nating malaman na tayo ay magkatulad sa maraming bagay sa mga taong iyon at maaari maging kaibigan natin sila. Palaging isang magandang bagay ang magkaroon ng bagong kaibigan."

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Bakit mahalagang magkaroon ng mga kaibigan?
2. Ano ang maaari mong gawin para maging pinakamabuting kaibigan?
3. Ano ang katangian ng isang matalik na kaibigan?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Tagubilinan ang mga estudyante na pagtalakayan ang isang listahan ng mga payo sa pagbubuo ng pakikipagkaibigan. (*Halimbawa, mag-alok ng tulong sa isang estudyante sa kanilang takdang-aralin, o mag-alok ng mauupuan sa iyong mesa kapag tanghalian.*) Hatiin ang mga estudyante sa maliliit na grupo. Ipagawa sa mga grupo ang mga poster na nagpapakita ng ilan sa mga payo na ito. I-display ang mga poster sa paligid ng silid-aralan.

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Pagawin ang mga estudyante ng isang bulletin board na pinamagatang "Susi sa Pakikipagkaibigan." Bigyan ang mga estudyante ng template ng isang susi, at sa bawat template ay gabayan ang mga estudyante na sumulat ng isang katangian ng pagkatao na sa tingin nila ay mahalaga sa pagiging isang mabuting kaibigan. Padekorasyunan sa mga estudyante ang mga susi at gawin ang bulletin board.

## PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Tagubilin ang magkakapares na estudyante na magplano at magpresenta ng isang dula/charade na nagpapakita ng isang katangian ng isang mabuitng kaibigan. Pagkatapos ay susubukang hulaan ng mga kaklase nila ang katangian.

# PAGPAPALAWIG NG ELA

Pasulatin ang mga estudyante ng tungkol sa kung ano ang katangian ng isang mabuting kaibigan.

# PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin ang *Enemy Pie*, ni Derek Munson, sa mga estudyante. Sabihin sa mga estudyante na makinig sa kaganapan na nagdulot sa "perpektong" tag-init na naging hindi perpektong tag-init. Sa pagtatapos nito, hilingin sa klase na lumikha ng isang chart ng sanhi at bunga na naglilista ng mga epekto ng paglipat ni Jeremy Ross sa lugar na iyon, ang planong "enemy pie," at ang kung saan ang pangunahing tauhan ay sumama kay Jeremy Ross. Ituon ang talakayan sa aral na natutunan ng pangunahng tauhan tungkol sa pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng pagturing sa "pinakamalaking kaaway" bilang kaniyang matalik na kaibigan. Tanungin ang mga estudyante kung paano ito nangyari at gabayan ang mga estudyante na mag-isip tungkol sa kanilang mga matalik na kaibigan. Tanungin ang estudyante, "Ano ang dahil bakit 'matalik na kaibigan' mo ang matalik mong kaibigan? Anong mga katangian ang tinataglay ng mga matalik na kaibigan?" Tagubilinan ang mga estudyante na pag-usapan kung bakit dapat taglayin ng mga kaibigan ang mahahalagang katangiang iyon.

# PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin ang *The Giving Tree*, ni Shel Silverstein, sa klase. Pagkatapos ng kuwento, hilingin sa mga estudyante na tukuyin at ipaliwanag sino ang "napakabuting kaibigan" (ang Giving Tree) at sino ang "napakasamang kaibigan" (batang lalaki). Ipaliwanag na ang pagiging isang mabuting kaibigan ay nangangailangan ng panahon at konsiderasyon. Para maging isang mabuting kaibigan, dapat maging handa ang isang tao na maging "mapagbigay"—tulad ng Giving Tree—at punan ang buhay ng kanilang kaibigan ng kaligayahan, kaysa maging "makasarili"—tulad ng batang lalaki—at sirain ang kanilang kaibigan.